# Ang Nawawalang Tupa

– 11st Story–

www.kidworship.kr



68Page

**N A R** Minsan, sa isang maliit na bayan ay may nakatirang ama na may dalawang anak na lalaki. Mahal na mahal ng ama ang dalawa niyang anak. Ang panganay ay napaka masunurin sa kanyang ama pero ang bunso ay laging pasimuno ng gulo at lagi lang naglalaro. Isang araw, napagdesisyunan ng bunso na umalis sa bahay nila at mamuhay mag–isa dahil naisip nya na kung ganoon magagawa nya ang anumang gusto nya.

**Younger Son** Ama, ibigay n'yo na sa akin ang bahaging mamanahin ko! Gusto kong umalis na ng bahay at mamuhay mag–isa.

**Father** Ano??? Anak, mahirap mamuhay sa mundo. Bakit hindi mo muna ito pag–isipang mabuti?

**Younger Son** Ama, hindi na ako bata! Malaki na ko at kaya ko nang mabuhay mag–isa.

**N A R** Kahit na nalungkot ang ama sa planong pag–alis ng anak na bunso, hinati ng ama ang ari–arian niya sa dalawa niyang anak at ibinigay sa bunso ang hinihingi nito.




69Page

**N A R** Pagkalipas ng ilang araw, ipinagbili ng bunso ang lahat ng minana niya at pumunta sa malayong bayan. Doon niya ginastos ang lahat sa walang kwentang pamumuhay.

**Younger Son** Ayos to! Pwede kong gawin ang kahit anong gusto ko! Dapat matagal na kong umalis sa bahay namin.

**N A R** Gabi–gabi, ang bunsong anak ay nag–iimbita ng mga kaibigan, kumakain ng mga mamahaling pagkain at umiinom ng mga mamahaling inumin. Namimili rin sya ng mga mamahaling damit at alahas na para bang isa syang prinsipe....hanggang sa, nalustay ang lahat ng kayamanan nya sa walang kwentang pamumuhay.



70Page

**N A R** Nang maubos ang pera nya, iniwan na rin sya ng mga kaibigan nya. Ang bunsong anak ay naiwang nag–iisa at walang kapera–pera. Di nagtagal, ang bunsong anak na hindi makatagal sa gutom ay nagtrabaho. Ang bunsong anak ay pinagsabihan ng kanyang amo:

**Master** Hoy, halika na! Bilis–bilisan mo! Lilinisin mo pa ang mga kulungan at papakainin mo pa ang mga baboy. Halika na!

**Younger Son** Ahh!! Gutom na gutom na ko...parang gusto ko nang kainin kahit pagkain ng mga baboy...(iyak)


N A R Nawawalan na ng pag-asa ang bunsong anak nang bigla nyang naala-la ang kanyang ama. Gusto nyang makitang muli ang ang kanyang ama.

Younger Son Mahal pa rin ako ng ama ko kahit anupang nangyari. 'Sa amin kahit ang mga utusan ng aking ama ay may sapat na pagkain at sobra pa, pero ako rito ay halos mamatay na sa gutom. Babalik na lang ako sa amin at sasabihin ko sa aking ama, "Ama, nagkasala po ako sa Dios at sa inyo. Hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak ninyo. Gawin n'yo na lang akong isa sa mga utusan ninyo."


71Page

N A R Kaya nagsimulang maglakbay pabalik sa bahay ng kanyang ama ang bunsong anak. Habang papalapit sya sa bahay nila ay lalo syang nag-aalala.

Younger Son Paano kung hindi ako patawarin ng ama ko? Nilustay ko ang lahat ng kayamanan nya at ngayon babalik akong mahirap at pulubi. Hindi ako magtataka kung hindi nya ako patawarin. Pero anong gagawin ko kung magkaganun? (iyak)


72Page

N A R Umuwi ang bunsong anak sa bahay ng kanyang ama nang umiiyak. Malayo pa ay natanaw na siya ng kanyang ama at naawa ito sa kanya, kaya patakbo siya nitong sinalubong, niyakap at hinalikan.

Younger Son 'Ama, nagkasala po ako sa Dios at sa inyo. Hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak ninyo.'

Father Anak ko, hinintay kita araw araw. Mahal kita kahit na iniwan mo ang pamilya natin dala ang kayamanan ko. Mahal pa rin kita dahil anak kita.


73Page

N A R Tinawag ng ama ang kanyang mga utusan at sinabi:

Father 'Madali! Dalhin n'yo rito ang pinakamagandang damit at bihisan siya. Lagyan ninyo ng singsing ang daliri niya at suotan ninyo ng sandalyas ang mga paa niya. At kumuha kayo ng batang baka na pinataba natin, at katayin ninyo. Magdiwang tayo dahil ang anak ko na akala ko'y patay na ay bumalik na buhay. Nawala siya, pero muling nakita.'

N A R Ang ama ay nagdaos ng malaking handaan bilang pagdiriwang sa pagbabalik ng kanyang anak. Naunawaan ng bunsong anak ang hindi nagmamaliw na pagmamahal ng kanyang ama.